# SUPORTA NG PRESBITERYO SA TAONG 2017

## Maraming paraan na maaaring sumuporta ang Presbiteryo sa inyo.




### PANGANGALAGA, PAGTAWAG SA MINISTRO, AT PANG-MAIKLING PANAHONG (SUPLAY) MINISTRO

**Ang Komite ng mga Ugnayang Pastoral**

ay makatutulong sa mga katanungan tungkol sa pagkuha ng isang bagong ministro o pang-maikling panahong ministro kung kayo ay walang ministro. Malayang tumawag o mag-email sa Tagapamuno na si Gng. Iris Blythe sa 0408 106733 irisblythe@iinet.net.au

Para sa mga alalahanin tungkol sa isang ministro, o mga alalahanin tungkol sa mga relasyon sa loob ng kongregasyon maaari kayong tumawag o mag-email kay Rev Jenny Trewhella, ang Ministro ng Presbiteryo para sa Pangangalagang Pastoral sa 0429 899938 jennytrewhella@harbourisp.net.au

Malugod na inaanyayahan ang sinuman na makipag-ugnayan sa PRC.

### EDUKASYON, PAGSASANAY AT MISYON

**Ang Estratehiya ng Misyon at Komite ng Edukasyon**

ay nagbibigay ng iba't ibang mga pagkakataon para sa edukasyon at pagsasanay sa mga ministro at mga kongregasyon ukol sa pamumuno, misyon sa kanilang komunidad, bagong mga paraan sa pagiging Simbahan, at pagbabahagi ng pananampalataya.

Makatutulong din ito sa mga kongregasyon na maunawaan kung ano ang maaaring panawagan ng Diyos na kailangan nilang gawin sa misyon, at paggawa ng mga plano para doon. Makatutulong ito na makapagsaliksik ng mga paraan upang mabuo bilang isang umuunlad na komunidad Kristiyano. Maaari nitong isaayos ang patuloy na pagtuturo para sa mga ministro at mga kongregasyon.

Kung kayo ay interesado sa anuman sa mga ito, mangyari lamang na kumontak sa Ministro ng Presbiteryo para sa Edukasyon at Misyon, na si Rev Dr Adam McIntosh, sa 0414 725887 themcintoshbunch@hotmail.com o kay
Rev Rose Broadstock 0416 805022 rnr1@tpg.com.au

### MGA USAPING PANG-ARI-ARIAN AT PINANSYA

**Ang Pangasiwaan ng Ari-arian at Pinansya (The Administration Property and Finance (APF)**

Ito ay makatutulong sa mga kongregasyon patungkol sa mga aplikasyon ng mga ari-ariang uupahan, ibebenta, bibilhin o itatayo. Makatutulong ito sa mga kinita sa benta, mga inspeksyon ng mga tirahan ng ministro, at pagpupuno ng mga form.

Maaari ding ipaalam sa iyo ng APF kung anong pondo ang maaaring makuha mula sa Presbiteryo o sa Synod. Kabilang dito ang pondo para sa mga proyekto ng misyon na aabot hanggang $5000, o para sa pagtatayo ng mga proyekto o sa pag-empleyo ng mga tao upang tumulong sa misyon. Mayroon ding pondo na tutulong sa isang taong nangangailangan sa kongregasyon, o upang tumulong sa mga kongregasyon na magbigay ng pandaigdigang tulong.

Para sa tulong sa anuman sa mga ito, mangyari lamang na kumontak sa Tagapamuno na si
G. Richard sa 0402 108981 richard_d_allen@optusnet.com.au o kay Rev Dr John Evans 0407 778509 jae1953@gmail.com

### MGA USAPING PANG-IBAT IBANG KULTURA

Nais naming maging tunay na pang-ibat-ibang kulturang Presbiteryo at magbahagi ng aming buhay bilang mga taong mula sa ibat ibang kultura!
Para sa mga isyu o payong may kaugnayan dito, malayang tumawag o mag-email kay
Rev Lavingi Tupou sa 0408 898216 lavingitupou@yahoo.com o kay
Rev Juliette Tautala'aso sa 0456 690291 asojl@bigpond.com


# PRESBITERYO NG PORT PHILLIP WEST

Ang Uniting Church sa Australia ay itinatag noong 1977 nang magsanib ang Australian Presbyterian, Methodist at mga simbahang Kongregasyonal. Basahin dito ang tungkol sa paniniwala ng UCA.

Ang Pambansang lupon ng Uniting Church ay tinatawag na Kapulungan o Assembly. Ang Pang-estadong lupon ng Simbahan ay tinatawag na Kapulungang Pansimbahan o Synod. Sa bawat Estado ang Uniting Church ay nahahati sa mga rehiyon na siyang tinatawag naming mga Presbiteryo. Saklaw ng aming Presbiteryo ang malaking bahagi ng Hilaga at Kanluran ng Melbourne at Geelong. Basahin ang karagdagang impormasyon tungkol sa Presbiteryo ng Port Phillip West sa aming website.

Pinangangalagaan ng Presbiteryo ang mga kongregasyon at ibang pang mga lugar ng ministro sa rehiyon nito, at nagbibigay ng tulong sa pangangalagang pastoral, edukasyon, misyon, mga isyung nauukol sa ibat ibang kultura, at aria-arian at pinansya.

Ipinakikita ng larawang ito kung paano gumagana ang Presbiteryo. Tingnan sa kabilang pahina kung paano makatutulong ang mga komiteng ito sa iyo.




# ESTRATEHIYA NG PRESBITERYO SA TAONG 2021



Ang buhay at misyon ng Presbiteryo ng Port Phillip West ay ginagabayan ng isang estratehiyang tinatawag na Pagbibigay ng Bagong Buhay sa Simbahan para sa taong 2021. Maaari mong basahin ang kabuuang plano dito.

## ANG PANANAW

ay, sa pamamagitan ng gawain ng Ispiritu ni Kristo:

Upang ang Presbiteryo ng Port Phillip West ay maging isang network ng mga komunidad ni Kristo na lalong nagiging masigla, may pagkakaiba-iba, kontekstwal at gumagawa ng mga disipulo na nakikilahok at nakakasaksi sa kahanga-hangang misyon ng Diyos.

## ANG ESTRATEHIYA AY MAY TATLONG MGA BAHAGI:

### 1. PAGSUNOD KAY KRISTO

Ito ay tungkol sa pagbabahagi ng pananampalataya, pangangalaga sa bagong mga disipulo, pagpaplano ng misyon at bagong mga paraan ng pagiging Simbahan na maaaring gumana para sa mga taong hindi bahagi ng anumang simbahan.

### 2. PAKIKIPAGTULUNGAN SA PAGKAKAIBA-IBA

Ito ay tungkol sa sama-samang pagtutulungan upang maging isang Presbiteryo ng maraming kultura, na sama-samang nagtutulungan sa lahat ng paraan, at sumusuporta sa mga kabataang lider ng ibat ibang kultura. Ito rin ay tungkol sa mas mahusay na sama-samang pagtutulungan bilang isang Presbiteryo at mas malapit na pakikipagtulungan sa Kapulungang Pansimbahan.

### 3. PAMUMUNO AT PAG-AARAL

Ito ay tungkol sa pagbabahagi ng mga kuwento ng ating mga karanasan sa misyon at ibat ibang paraan ng pagiging Simbahan. Ito ay ay tungkol din sa pagsasanay ng mga lider.